Mga Alituntunin sa Pag-Foster ng Mga Kuting

Ang Pag-aaruga ng mga kuting na nasa murang edad hanggang 8 linggong gulang

Isinalin sa Filipino ni Jei Reodica - Volunteer ng Philippine Animal Rescue Team (PART)/Phoenix Legacy of Compassion



Salamat sa Inyong Pag-Foster!

Sa ngalan ng lahat dito sa shelter na pinili mong makipagtulungan sa pag-fofoster, nais naming maglaan ng ilang sandali upang pasalamatan ka sa pag-fofoster. Ito ay tunay na pagsubok ng iyong kabutihan at kagandahan ng puso na ikaw ay magbibigay ng panandaliang tahanan at pag-aaruga para sila ay mabigyan ng pagkakataon na maampon sa kalaunan. Kahit na ikaw ay nag-fofoster ng sanggol na kuting o di kaya ay ang aming mga kagiliw-giliw na mga may edad na na pusa, kami po ay nagpapasalamat

sa iyo sa iyong pagtulong sa pagliligtas ng isang buhay. Hindi namin ito magagawa nang walang tulong mo at ng mga tao sa ating pamayanan. Pinahahalagahan naming ang iyong pagsisikap, nakikibahagi kami sa mga parehong kagalakan at kalungkutan tulad ng iba pa sa atin na nagfofoster din at alam din naming ang mga tagumpay at kabiguan ng pagfofoster. Salamat sa lahat ng iyong ginagawa at dapat mong malaman na maipagmamalaki mo na ikaw ay nakagawa ng pagkakaiba sa buhay ng isang magandang hayop na nangangailangan.

Pinahahalagahan ka namin!!! Pinasasalamatan ka namin!!!

Pagse-set up ng Mga Boteng Gatas Para sa Mga Kuting

Ang mga bote ng gatas para sa mga kuting ay sobrang madali lang i-set up. Ang pinakamahalagang matandaan ay na ang isang masayang kuting ay ang hindi giniginaw at hindi basing kuting. Ang pagpapanatili na ang iyong mga kuting ay mainit-init ay sobrang mahalaga ngunit di hamak na mas kinakailangan ito ng mga kuting na pinaiinom ng gatas gamit ang bote.

Carriers

Ito ay iba sa mga halimbawa ng mga carriers na gumagana din katumbal ng mga boteng panggatas. Sila ay perpekto dahil sila ay mga uri ng carriers na maaaring maipatong sa ibabaw ng heating pad at makakatulong ito na mapanatili ang mga kuting na mainit-init. Sila ay maaaring hugasan at linisan kapag kinakailangan.

- **Alalahanin na laging kinakailangan na hugasan ang iyong carrier matapos mag-alaga ng bawat bagong inibidwal o grupo ng mga kuting na iyong aalagaan**. Ang mga germs ay maaaring kumalat galling sa mga carrier na nagamit na sa iyong bagong mga kuting.
- **Laging siguraduhin na ang pintuan ng carrier ay nakasara ng maayos.** Ang mga kuting ay maaaring maliliit lamang ngunit sila ay mabilis gumalaw at may kakayanan na umakyat o magtulakan palabas ng carrier!

Mga Panggagalingan ng Init

Heated Disks

Ito ay ang pinaka karaniwang pinanggagalingan ng init na ginagamit sa pag-aalaga ng mga kuting ng mga dati pang nagfofoster sa ilalim ng aming programa. Ang mga heating disks ay may kasama nang takip na nakakaiwas na mapaso ang mga kuting.

- Laging siguraduhin na maibabalik ang takip ng iyong disk matapos itong painitan sa microwave! Ang mga disk ay napakahusay dahil sila ay nakapagbibigay ng matatag at hindi nababago na init at ito ay madaling dalhin kahit saan. Ilang minute lamang sa loob ng microwave at sila ay handa nang gamitin at tumatagal nang 4 na oras. Sila ay perpekto para sa mga mabilisang lakad at checkups ng mga kuting na foster!

Heating Pads

Ito ay napakahusay dahil sila ay nagbibigay ng hindi nagbabagong init hanggang kung kelan mo ito kailangan at perpekto ito na gamit sa bahay.

- Maghanap ng mga heating pad na **WALANG** tampok na automatic shut off/kusang namamatay. Kailangan mo ng heating pad na kayang manatiling gumagana ng matagal na oras nang hindi ito namamatay.
- Ilagay ang iyong mga carrier sa ibabaw ng kalahati ng heating pad habang ang natitirang kalahati ng heating pad ay hindi naman nakapatong sa heating pad. Sa pamamagitan nito, ang iyong mga kuting ay pupwedeng gumalaw papunta sa mas malamig o sa mas mainit na lugar, kung alin man ang mas gusto nila.
- Laging siguraduhin na ang iyong heating pad ay nakapatong sa heat resistant o hindi mapanganib na mainitang bagay!
- **Silipin ang temperature ng iyong carrier araw-araw!** Ilagay ang iyong kamay sa loob ng carrier upang maramdamam kung gaano kainit sa loob nito. Kung ang mga kuting ninyo ay mas madalas na nananatili sa mas malamig na lugar ng carrier, ito ay palatandaan na ang setting ng iyong heating pad ay masyadong mataas. Kung sila naman ay mas madalas na nagsisiksikan, baka masyado naman silang nalalamigan at kailangan nyo naming itaas ang setting ng heating pad.
- **Maaari mo naming iwanan lamang ang iyong baby wipes sa tabi ng iyong carrier para sila ay mapanatiling mainit-init para sa susunod na gagamitin ito.**

Gamit Para sa Higaan

Magugustuhan at makakapagbigay ng ginhawa sa mga kuting ang mga mahihigaan na parang katulad ng pakiramdam ng balahibo ng kanilang ina. Ang telang gawa sa micro-fleece ay napakainam dahil ito ay malambot, parang balahibo at madaling labhan.

- Siguraduhin na mayroong sapat na malalambot na kumot dahil ang mga kuting ay maaaring mangailangan ng maraming kapalit.
- Ilagay ang mga mas maninipis na kumot sa ibabaw ng iyong carrier upang maiwasan na mahanginan at ginawin ang iyong mga kuting.

Mga Laruan Nakapagbibigay ng Katiwasayan

Lahat ng mga kuting ay mas napapabuti kapag kasama nila ang kanilang ina at ang kanilang mga kapatid. Ngunit kapag ito ay hindi maaari, ang mga maliliit na plush animals at mga laruan na humuhuni ng bahagya ay ilan sa mga susunod na pinakamahusay na makakatulong sa kanila. Nakakatulong ang mga ito sa pagpapalit ng pag-aalaga na galling sa kanilang ina papunta sa atin. Ito ang mga halimbawa na maaari mong gamitin.

- Plushies na humuhuni o mayroong pagtibok ng puso ay mahusay sa pagbibigay ng katiwasayan sa mga kuting lalo na kung nag-iisa lamang siya.
- Mga medyas na gawa sa microfiber nap uno ng bigas at itinali sa dulo ay mabuti rin na katabi nila sa pagtulog. Ito ay mainam ding gamitin kapag kinakailangan ng mabilisang heating pad na mabisa hanggang sa isang oras!

Ang Pagpapasuso ng Mga Kuting Gamit Ang Bote

Ang pagpapasuso gamit ang bote sa mga kuting ay isa sa mga pinakamasayang sandal ng pagfofoster! Ito rin ay isa sa mga pinakanakakalugod na karanasan kapag ang iyong mga kuting na finofoster ay masaya at sumususo. Buti na lang ang pagpapasuso gamit ng bote ay napapadali kapag gumagamit ng tamang kagamitan at kaalaman.

Gatas na Formula

Maraming pagpipilian sa mga gatas na formula na mabibili sa mga pamilihan. Isa sa mga pinakakilala at pinakaginagamit ng karamihan ng mga shelter ay tinatawag na KMR, pinaikli para sa Kitten Milk Replacer. Ang KMR ay madali lang gamitin at ang bawat lalagyan ay may kasamang panukat. Ito ang ilan sa mga kailangan tandaan:

- Kapag ang formula ay natimpla na, ito ay pwede lamang maipainom sa loob ng 24 oras kung ito ay mailalagay sa ref. Ang matitira sa timpladong formula, ay dapat na itapon dahil ito ay maaaring magdulot ng sama ng tiyan sa iyong mga tuta.
- Huwag kahit kalian i-microwave and formula! Laging gumamit ng mainit na tubig sa isang tas o malukong para painitan ang bote ng malamig na formula.
- **Ang formula ay dapat laging ipasuso ng mainit-init at halos kapareho ng temperature ng mga kuting.**
- **Laging siguraduhin ang pagiging handa ng formula sa pamamagitan ng pagpapatak nito sa balat mo bago ito ibigay sa mga kuting! Mapapaso ang mga kuting kung masyadong mainit ang formula. Kapag naman ito ay masyadong malamig, maaari silang ginawin na malubhang nakakapinsala sa kanilang kalusugan. Hindi gusto ng mga kuting ang malamig na formula!**
- Gumamit lamang ng pinainitang tubig upang gumawa ng formula. Ang pagpapakulo o pagma-microwave ng tubig ay maaaring maging masyadong mainit para ipasuso sa iyong mga kuting at maaaring makapaso sa bibig at lalamunan ng iyong mga kuting.
- Lahat ng hindi naubos na formula ay dapat mailagay sa ref. Kapag hindi ito nailagay sa ref, maaari itong mapanis at makapagbigay ng problema sa tiyan sa iyong mga kuting.
- Ang paggamit ng blender ay isang magaling na paraan upang masigurado na walang buo-buo sa formula at ito na rin ay pwedeng maging lalagyan ng formula. Mayroon itong makitid na lagusan at napakadaling gamitin!

Mga Bote at Utong

Depende sa edad ng iyong mga kuting ng finofoster mo, ikaw ay gagamit ng dalawang tipo ng utong para sa iyong mga bote. Ang mga bagong panganak na mga kuting ay nangangailangan ng mas maliit na utong kesa sa mas matatandang kuting na ayos lang na gumamit ng regular na bote.

- Alalahanin na kinakailangang hiwaan ng hugis “X” sa dulong ibabaw ng regular na utong para ito ay magamit.
- Maaari mong ipagamit ang isang bote at utong sa iba’t ibang kuting na magkakasabay ipinanganak lamang. Kung ikaw ay nagfofoster ng dalawang grupo o “litter,” kailanagan nila ng magkaibang bote habang sumususo.
- Huwag kalimutang gumamit ng brush upang linisin ang mga bote at mga utong. Ang formula ay maaaring maiwan sa loob kung saan hindi ito maabot ng espongha.
- Kahit kalian at huwag i-microwave ang mga bote! Maaaring masira ng microwave ang mga utong.
- Maaari mong ibabad ang utong sa mainit-init na tubig ng isang minute o mahigit pa upang mas maging kaaya-aya ang mga ito.

Pagpapasuso

Ang pagpapasuso gamit ng bote sa mga kuting ay maaaring nakakatakot pero madali lang itong makasanayan. Mabilis na natututo ang mga kuting na sumuso gamit ang bote at ang pagkakaroon ng karaniwang gawain ay makapagpapadali sa pangangalaga sa mga kuting. Kung ang mga kuting ay mag latch o magsimulang sumuso, e d Mabuti, ngunit ayos lang din kung matagalan bago siya masanay ditto. Ang pagpapasuso ay isang porma ng sining na bumubuti kapag tumatagal, kaya magpasensya ang huwag sumuko.

- Alalahanin na haplosin ng mamasa-masang bulak o tela ang ari ng iyong mga kuting bago magpasuso upang sila ay maihi. Ang punong pantog ay makakapagpairita sa isang kuting.
- Bago pa tulungan ang iyong mga kuting na maihi, bahagyang painitan ang iyong formula para ito ay maging handa pagkatapos mo.
- **Ang mga kuting ay dapat laging nakadapa habang pinapasuso.** Ganito sila sumususo sa kanilang ina. Maaari silang malunod sa iba pang posisyon.
- Huwag na huwag pisilin ang bote habang nagpapasuso. Ang mga napakaliliit na mga tuta ay maaaring malunod.

- Idapa ang mga kuting, na kanilang natural na mga posisyon. Iangat ang ulo ng kuting gamit ang iyong hindi dominanteng kamay. Dahan-dahang isuksok ang utong sa bibig ng kuting tapos iangat ang bote para magsimulang bumaba ang formula. Dapat ay mamumulupot ang dila ng kuting na hugis “U” at magsisimula siyang lumunok.
- Siguraduhin mo na hawak mo ang ulo at katawan ng kuting para hindi siya maglikot at magabayan mo siya ng maayos. Hindi nila agad maiintindihan kung ano ang gusto mong gawin, kaya nasa sa iyo na papirmihin sila at ituro sa kanila kung paano sumuso.
- Tignan ang iyong bote at utong, at siguraduhing walang anumalya tulad ng masyadong malaking o maliit na hiwa sa utong, o buo-buong formula na maaaring nagreresulta sa pagkabara.
- Balutin ang kuting sa maliit na kumot na pang sanggol kung kailangan niyang magbigay tuon o maramdaman na siya ay nakabigkis; siguraduhin lamang na siya ay nakadapa pa din.
- Ang paghimas sa kanyang mukha ng tela o sipilyo ay maaaring makakagaya sa dila ng kanyang ina at makakatulong na ihanda siya sa pagsuso.

Eto ang mga larawan ng tamang paraan ng paghawak sa mga kuting habang sila ay dumedede sa bote. Pansinin na ang mga kuting ay laging nakadapa.

Narito ang mga gabay upang malaman ang tamang dami at dalas ng pagpapadede. Alalahanin na ang bawat kuting ay iba, at ito ay isang gabay – hindi ito mga alituntunin!

- Habang ang iyong mga kuting ay tumatanda dadami ang kanilang kakailanganing formula sa bawat pagpapadede mo at mas dadalang din ito. Kung sila ay dedede ng mas kaunti, alalahanin na dapat mo silang padedehin ng mas madalas.

Timbang ng mga kuting at listahan ng pagpapakain

Edad	Timbang	Dami sa Bawat Pagpapakain	Oras o Dalas
0-1 linggo	50-150 grams	2-6 ml	Sa bawat 2 oras
1-2 linggo	150-250 grams	6-10 ml	Sa bawat 2-3 oras
2-3 linggo	250-350 grams	10-14 ml	Sa bawat 3-4 oras
3-4 linggo	350-450 grams	14-18 ml	Sa bawat 4-5 oras
4-5 linggo	450-550 grams	18-22 ml	Sa bawat 5-6 oras
5-8 linggo	550-850 grams	(weaning/pagtigil sa pagdedede: mag-alok ng simple at basang pagkain)	Sa bawat 6 na oras

Ang Pagpapaihi at Pagpapadumi sa Mga Kuting

Ang mga kuting ay nangangailangan ng buong tulong galling sa iyo upang makaihi at makadumi. Importante na tulungan mo sila sa bawat pagpapakain upang makasigurado na sila ay iihi at dudumi. Ito ay nakakatulong din na mapanatiling malinis ang lugar dahil madali silang aksidenteng makaihi o makadumi kung puno ang kanilang pantog o tiyan habang sila gumagapang.

- Maaari kang gumamit ng gloves kapag ikaw ay naglilinis. Pwede mong iipit ang gamit na na wipes sa loob ng gloves at itali sila ditto.
- Ang mga baby wipes na mainit-init ay mainam na gamitin sa mga kuting. Hindi nito na gagasgasan ang mga puwet ng mga kuting!
- Siguraduhin na mayroon kang sapat na wipes o isang malaking pamunas kapag ikaw ay naglilinis. MInsan ang mga kuting ay pwedeng umihi at dumumi ng maraming beses!
- Siguraduhing linisan ang iyong mga kuting matapos mo siyang tulungan. Ang ihi at dumi ay maaaring maging dahilan para mairita ang kanilang mga balat. At ang iyong carrier ay magiging madumi!

- Maaari ka ring gumamit ng A&D cream/ointment kung ang iyong kuting ay may pamumula sa puwetan.

Mga Posisyon ng Makakatulong sa Mga Kuting na Umihi o Dumumi

1. **Ang tamang paghawak sa kuting**
   Pagkatapos pakainin ang iyong kuting, hawakan sa ilalim ng tiyan ng kuting, gamit ang iyong hindi dominanteng kamay habang ang kaynag puwet ay nakaharap sa iyo. Dapat na maluwag lang ang hawak mo sa kanya ngunit mahigpit ng kaunti na hindi mo siya basta-basta mabibiwatan.

1.

2.

2. **Gumamit ng mainit-init na pamunas sa iyong dominanteng kamay.**
   Gagamit ka ng pamunas upang matulungan ang tiyan at puwetan ng kuting para siya ay makadumi. Ang mga kuting na ina ay nagbibigay sa kanilang mga kuting ng buong katawan na pagliligo gamit ang kanyang dila pagkatapos ng bawat pagpapakain, subalit ang isang mainit-init at mamasa-masang pamunas ay maiging gawin kapalit ng dila ng ina ng mga kuting. Mas mainam na gumamit ng hindi madilim na tela para madaling Makita kung nakaihi ona ba ang iyong kuting.

3. **Ilipat ang iyong pamunas sa may puwetan ng kuting.**

   Gamit ang iyong hinlalaki at mga daliri, malumanay na masahihin ng paikot-ikot ang puwetan ng iyong pusa gamit ang iyong tela. Ang iyong hinlalaki ang dapat gumagawa ng karamihan ng trabaho, na umaarte katulad ng dila ng inang pusa kapag dinidilaan niya ang kanyang mga kuting para sila ay dumumi.

3.

4.

4. **Tignan-tignan kung nakaihi o nakadumi na ang iyong kuting.**
   Kung hindi pa, patuloy na masahihin ang kanyang puwetan. Kapag ang kuting ay nagsisimula nang umihi, makakaramdam ka ng karagdagang init sa iyong kamay na nagmamasahe sa ilalim ng kuting. Patuloy na masahihin hanggang tumigil ang pagdaloy ng ihi, tapos tignan kung ito ay magsisimula nang dumumi.
   - Normal sa mga kuting ang matagalan na sa pagdumi kaysa sap ag-ihi. Ang buong proseso ay hindi lalagpas ng ilang minuto.
   - **<u>Kung ang iyong kuting ay mayroong diarrhea/pagtatae o hindi dumudumi, pakisilip ang iyong flow chart sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga dapat gawin.</u>**

5. **Hugasan ng maigi ang iyong mga kamay pagkatapos masahihin ang puwetan ng kuting.**

   Kahit na naglalagay ka ng pamunas sa gitna ng kamay mo at ng puwet ng kuting, hindi ibig sabihin nito ay wala nang ihi o dumi na mapupunta sa iyong mga kamay. Siguraduhin na hugasan ang iyaong kamaygamit ang sabin at maligamgam na tubig pagkatapos mong padumihin ang iyong kuting.

   - Kung ikaw ay gumagamit ng pamunas, ihiwalay ito sa iba pang mga labahin at labhan ang mga pamunas sa kuting sa pinakamainit na setting na ligtas para sa mga tela.

Pakikisalamuha ng Mga Kuting

Ang bagong panganak na mga kuting ay ganap na umaasa sa kanilang mga ina sa lahat ng bagay mula sa kanilang pagkain at init ng katawan hanggang sa pakiramdam ng ginahawa. Ang mga kuting ay ipinanganak na ang kanilang mga mata at tenga ay nakasara at hindi ito magbubukas hanggang mga 10 araw ng kanilang kapanganakan. Ito ay ang pinakamagandang panahon para maturuan ang iyong mga kuting na makisalamuha. Ang mga kuting ay kumukuha ng aliw galling sa huni at init ng katawan

ng kanilang ina. Ang pinakamainam na paraan upang magaya iyon ay sa pamamagitan ng paghahawak sa iyong mga kuting sa lalong madaling panahon pagkakuha mo sa kanila.

- Maglaan ng oras pagkatapos ng pagpapakain na hawakn ang iyong mga kuting araw-araw kahit na hindi pa nila nabubuksan ang kanilang mga mata. Ang kanilang pang-amoy ay malakas at mabilis nilang makakabisado ang iyong amoy. Isipin mo na ang iyong mga kuting ay makikita ka na sa wakas matapos mo silang pangalagaan at makilala nila ang iyong amoy!
- Ikaw ay maaaring gumamit ng malambot na brush ng sipilyo na makakagaya sa dila ng ina ng mga kuting para sila ay iyong linisin gaya kung paano nya lilinisin ang kanyang mga kuting.
- Gumamit ng laruan na bahagyang humuhuni habang nangangalaga sa iyong mga kuting para sa pakikisalamuha nila. Ginagaya nitong mga ito ang ina nila na nakakaginahawa sa mga kuting.
- Masasanay ang iyong mga kuting sa paghawak ng mga tao kung sila ay iyong hahawakan sa murang edad pa lamang.
- Kaya na ng mga kuting na humuni sa murang edad na ito! Mas magiging maamo at malambing ang iyong mga kuting kung maaga at madalas mo silang hahawakan. Mas madali din silang aliwin kapag sila ay mabusisi dahil makikila ka nila!
- Ito ang pinakamagandang panahon na sanayin silang mabalot sa kumot kapag sila ay nangangailangan ng lambing. Ito ay kinikilala din na Purrito!



Tsart ng Paglaki ng Mga Kuting

Unang Linggo:

Pisikal na Paglaki

- Ang kanilang pag-asa sa pakiramdam, pang-amoy at temperature para sila ay makagalaw-galaw sa mundo.
- Sila ay hindi marunong mag-ayos ng kanilang temperature ng mga ilang lingo.
- Nakakapagpainit ng katawan at nakakapagpaihi at nakakapagpadumi sa mga kuting ang pagdila ng kanilang ina.
- Madodoble ang kanilang timbang sa loob ng unang ilang lingo; sila ay biglaang lalaki – katumbas ng ilang buwan ng mga sanggol na bata.

Pagbuo ng Pag-uugali

- Kaya na ng kuting na lumapit sa mainit-init na lugar pagkapanganak niya; wala pa itong masyadong magagawa patungkol sa pakikisalamuha ngunit kailangan nito ang kanyang ina at mga kapatid.
- Kaya na nitong kilalanin ang kanyang ina ng siguradong-sigurado ito.
- Sa 2 araw na edad ang kanyang paghuni ay magsisimula na. Sa edad na 5 araw makakatugon na ito sa mga tunog.

Pangalawang Linggo:

Pisikal na Paglaki

- Makakakuha na ito ng sensory at motor skills/kakayahang pandamdam at paggalaw.
- Bubukas ang mga mata nito at magsisimula itong makakita ng malabo (sa 7-10 araw)
- Ang mga tenga ay nito ay bubuka, na makakapagpalakas ng kanyang pandinig.
- Lalakas din ang pang-amoy nito.
- Lalakas ang katawan nito pati ang kanyang mga paggalaw.

maaaring itong sumutsot sa mga hindi nito kilalang mga amoy.
- Maaari nilang maingat na subukang tumayo. Ito ay simula ng pagsasarili nito sa kanilang ina, simula ng kanilang pagsisiyasat.
- Ang pagbuo nila ng mga relasyon sa lipunan. Aamuyin at hahawakan nila ang kanilang mga kapatid.
- Karamihan sa paglilinis sa mga kuting ay ginagawa pa din ng kanilang ina, ngunit magsisimula na hanggang 3 linggo ang paglilinis nila sa sarili nila at ang paglilinis nila sa kanilang mga kapatid.
- Pag-unlad ng pag-uugaling manghuli.

Pagbuo ng Pag-uugali

- Sa pang 10 araw, magpapakita ang mga ito ng pagtugon sa mga tunog. Sa ikapangalawang lingo, matututo na itong sa masanay sa mga natural na tunog at tumugon sa mg autos ng kanyang ina.
- Napapansin na nito ang ang mga kakaibang amoy at

Ikatlong Linggo:

Pisikal na Paglaki

- Patuloy na nadadagdagan ang kanyang sensory at motor skills, ang iba sa kanila ay nagiging katumbas na ng ilang may sapat na gulang na pusa.
- Mas nagigiling magaling na din silang magkontrol ng temperature ng sarili nilang mga katawan.
- Nagsisimula na sila maglakad.
- Nailipat na ang kanilang pagkain galling sa gatas patungo sa mamuo-muong pagkain. May pagbabawas na sa pagpapasuso ng kanilang ina bilang paghahanda sa pagkain ng buong pagkain. Ang unang ipin ay tutubo na.
- Kusa na silang iihi at dudumi simula 3-5 na lingo.

Pagbuo ng Pag-uugali

- Mas kaunting pagsisiksikan sa kanilang in at mga kapatid ang kailangan nil ana humahantong sa may maraming Kalayaan.
- Magiging mas maliwanag na ang kanilang mga mata at makakasunod na sila sa mga gamit na gumagalaw. Kaya na nilang balikan ang kanilang pugad gamit ang kanilang paningin.
- Maaari na silang turuan na umihi at dumumi sa kanilang litter box.
- Mas mapapalawak na ang kanilang pakikisalamuha: masisimula na silang makipaglaro.

Ikaapat ng Linggo:

Pisikal na Paglaki

- Pagkakabihasa na parang may sapat na edad na pusa.
- Pandinig at paningin na parang may sapat na edad na pusa.
- Mas magaling na koordinasyon at motor skills.
- Mas nakakasanayan nang kumain ng buong pagkain.
- May kahanga-hangang paglaki: dinodoble ng karamihan ang paglaki ng timbang sa ngayon.
- Patuloy na tumutubo ang mga ngipin.
- Mas magaling na silang magkontrol ng temperature ng kanilang mga katawan.

Pagbuo ng Pag-uugali

- Ang pagkakabihasa nila gamit ang kanilang mga paningin at ang pag-iwas sa mga hadlang. Mas lalo pa silang lalayo sa kanilang pugad.
- May kakayanan na silang matuto ng mga gawain gamit ang mga nakikita nilang senyales.
- Ang Reyna ay mag-uuwi ng buhay na huli sa kanilang pugad; magsisimulang magpakita ng kanilang kakayahan sa pangangaso.
- Dadalang na ang paglalaro ng mag-isa, ang pakikipaglaro sa grupo ang mas magiging

karaniwan. Halos lahat ng oras na sila ay gising ay igugugol sa pakikipaglaro sa kanilang mga kapatid at paglilinis sa isa't-isa.
- Magsisimula silang makisalamuha sa mga tao at sa iba pang mga hayop sa kanilang kapaligiran sa regular na pagkakataon.
- Nabubuo na ang dominance heirarchy o nagkakaalamanan kung sino ang magiging pinuno at kung sino ang magiging pinakamababang tagasunod lamang.

Ikalimang Linggo:

Pisikal na Paglaki

- Nagsisimula na silang tumakbo.
- Ang mga pangunahing kakayanan, tulad ng pandinig, paningin, at ang paggalaw o pag-andar, ay mas magiging mahusay ngunit hindi pa din katulad ng tikas ng isang pus ana may sapat na gulang.
- Nakakakain na ng buong pagkain ang mga kuting pero patuloy pa din ang kanilang pagsuso.
- Mas nagiging komplikado na ang mga pakikisalamuha nila na karaniwang nakikita sa mga pakikipaglaro ng mga kuting; nagtatago habang naglalaro.
- Nagsisimulang pumatay ng kanilang nahuhuli.
- Nakakagamit na ng litter box; magsisimula na silang magpakita ng kagustuhan sa mga uri ng substrates o ang mga ginagamit sa kanilang litter box.
- Paglawak ng kanilang pakikisalamuha; magpapakita ang social ply o paglalaro.

Pagbuo ng Pag-uugali

Ika-anim na Linggo:

Pisikal na Paglaki

- Oras ng paglaki at pagpapalakas ng katawan ng mga kuting, pati na rin ang pagpipino ng kanilang sensory-motor skills.
- Ang lakad nila ay katulad na ng mga nasa sapat na edad na pusa.
- Mayroon na silang buong control sa kanilang pag-ihi at pagdumi.
- Sila ay kumakain na ng buong mga pagkain.

- Bumubukal pa din ang kanilang ngipin na pang kuting.

Pagbuo ng Pag-uugali

- Mas lalong nagiging komplikado dahil sa mga bago nilang natutuklasan na kadaliang kumilos at koordinasyon ang mga pakikisalamuha nila na karaniwang nakikita sa mga pakikipaglaro ng mga kuting. Nagpapakita sila ng mga tugon sa mga nagbabantang estimulo na karaniwang nakikita sa pag-uugali ng mga nasa sapat nae dad na mga pusa (halimbawa: kaunting pagtaas ng kanilang buhok sa bandang balikat at sa likod sa anino ng pusa).
- Pagpapakita ng mas malawak na pagsasarili sa ina, kasama o hindi ang kanyang mga kapatid.
- Maaaring ngatngatin ang lahat sa loob ng bahay dahil sya ay nagngingipin.
- Ginagaya ang araw-araw na gawain ng kanyang ina.
- Kayang kaya ang regular na paghawak ng mga tao sa kanya.

Paghahanda Para sa Mas Nakakatandang Mga Kuting

Ang Paglilipat sa mga Kuting

Ang mga kuting na lumalaki ay mangangailangan ng pagbabago. Ang dating kumportable at maginhawang pugad nagyon ay masikip na. Ang mga carrier ay mapapalitan ng pop-up crates at mga kulungan. Ang iyong mga kuting ay gugutuhing mag-ikot ikot. Ang mga bagong dapat alalahanin ay:

- **Siguraduhing ang mga bagong lugar na maiikutan ng iyong mga kuting ay ligtas.**

  Halimbawa; walang cords (elektrikal) na nakakalat, walang daan papunta sa mga halamang pambahay, mga lugar na maaari nilang lusutan/siksikan.

- **Ang mga kuting ay natututo na kumain ng gruel (basing mamuo-muong pagkain) ngunit ito ay kailangan pa din isabay sa pagdede ng gatas sa bote hanggang sila ay nakakakain na nang mag-isa.**

- **Ang mga kuting mo ay magsisimulang dumumi ng mag-isa kapag sila ay nagsimula nang kumain ng buong pagkain nang maayos.**

  Maaaring kailanganin pa din nila ng tulong upang makaihi at makadumi pero kailangan din na ingatan na sa litter box sila maihi at makadumi pagkatapos pakainin para makasimula na sila na masanay sa litter box.

- **Makisalamuha!** Ang pakikipaglaro sa mga kuting ay mahalagang mahalaga at ngayon ang panahon na dapat talagang makipaglaro sa kanila para masanay mo sila sa mga bagong tunog sa loob ng bahay at para masanay din sila na hinahawak-hawakan ng mga tao.
- Huwag na huwag iwanan ang iyong mga kuting na malayang nakakaikot ng bahay ng walang pagbabantay mo! Sila ay maaaring mapahamak at magtago sa mga sulok na mukhang imposibleng mapagkasyahan nila!

Kulungan/Cage at Mga Pop-up Crate

Sa puntong ito, ang iyong mga kuting ay hindi na makukuntento sa carrier at sila ay magsisiksikan na. Sila ay handan nang mag-ikot ikot dahan dahan kahit na sila ay nangangatog pa. Maraming mga pagbabago ang magsisimulang mangyari habang sila ay nagiging mas nagsasarili. Ang mga regular at pop-up crates ay pinakamainam sa edad na ito dahil ito ay nakakapagbigay sa iyong mga kuting ng Kalayaan na lumaki habang napapanatili mo silang ligtas. Ito ay ilan sa mga halimbawa ng anu-ano ang maaaring gumana para sa iyo. Ang mga banyo ay maaari ding gumana para sa iyo kung kaya mo itong gawing ligtas para sa kanila. Huwag mag-atubiling maging malikhain!

- Maaari mo pa ding gamitin ang heating pad para sa iyong mga kuting sa pamamagitan ng paglalagay nito sa labas ng crate sa ilalimkung saan mo ipapatong ang kanilang mga higaan. Sa puntong ito sila ay mas magaling nang magkontrol ng temperature ng kanilang mga katawan kaya ang heating pad ay pwedeng hinaan.
- Ang paglalagay ng puppy pads/tuwalya sa may inuman/mga mangkok ng pagkain at ang ibang parte sa dyaryo ay makakapagpadali ng iyong paglilinis.



Litter at Mga Bandeha/Tray

- Maaari kang gumamit ng mga bandehang kahon ng delata. Patungan ito ng mga dyaryo. Madali at pwedeng itapon!
- Huwag na huwag gumamit ng magkakakapit at buo-buong litter sa mga kuting! Natututo pa lamang silang gumamit ng litter box at maaaraing makakain ng litter. Ang mga buo-buong litter ay mapanganib kung makakain ito. Ang mga regular na litter na hindi magkakadikit ay mas mainam.
- Magtipid ng kaunti sa litter na ilalagay sa litter box. Ang mga kuting ay natututo pa lamang gumamit nito at kadalasan ay masisipa lamang nila it o di kaya ay malalaro lamang sila sa litter box kung marami itong laman. Ang mas kaunting litter ay mas Mabuti sa ngayon.

Mga Feeding Bowl/Malukong Para sa Pagkain

Sa punting ito, ang mga kuting ay lilipat galling sa pagdede sa bote papunta sa pagkain ng buong pagkain. Ang pagpapakilala sa kanila ng gruel/mamasa-masang pagkain para sa pusa, kibble/ tuyong pagkain ng pusa at tubig sa tamang mga malukong ay makakatulong upang ang paglilinis at pagpapakain ay maging madali lamang.

- Maghanap ng mababaw na malukong. Ang mga malukong na may suporta sa gilid at ilalim para hindi ito mitumba ng mga kuting.
- Sa ilalim ng malukong, maglagay ng dyaryo, tuwalya o puppy pad para mas mabilis ang paglilinis pagkatapos magpakain.
- Alalahanin na ilagay ang iyong mga kuting sa paligid ng litter box pagkatapos kumain. Karamihan sa kanila ay malamang na kailangang umihi o dumumi.

Ang Paglilipat ng Pagkain

Ang mga kuting ay magsisimulang madalas na ngumuya ng utong habang sila ay dumedede. Dedede sila sa bote ngunit sila ay magmimistulang hindi mapakali habang dumedede na para sila ay naghahanap ng iba pa. Ang iyong mga uting ay nasa sapat na edad kung sila ay 4-5 linggong gulang para magsimulang kumain ng buong pagkain. Ang bawat kuting ay iba, kaya gamitin mo ang sarili mong panghuhusga upang malaman ang pinakamainam na paraan upang maipakilala sa kanila ang bagong pagkain sa kuting. Ang ibang mga kuting ay nakikinabang sa paghahalo ng basing pagkain at formula gamit ng blender o smoothie shaker, pagkatapos ay ipakain sa kanila gamit ng bote para madiskubre nila ang basing pagkain sa paraan na maiintindihan nila.

Ang ibang mga kuting naman ay maaaring makakain ng tama gamit ang tongue depressor/popsicle stick o ng iyong daliri. Sa kalaunan, ang mga kuting ay matututo na dilaan ang gruel sa kanilang bowl o malukong.

- Sumubok ng “bagong” pagkain kapag ang mga kuting ay nagugutom at mas papayag na tumanggap ng bagong lasa.
- **Kung mayroon kang nakikitang pagkakaiba sa kalusugan at kasiglahan ng iyong mga kuting sa panahong ito, bumalik agad sa pagpapadede ng gatas.**
- Ang ibang mga kuting ay mabilis na nasasanay sa buong pagkain subalit ang iba naman ay mas gusto ang gatas sa bote ng mas matagal pa. Ang bawat kuting ay iba-iba.
- Maging matyaga sa iyong mga kuting habang tinuturuan mo silang kumain ng buong pagkain. Ito ay isang bagong karanasan na kanilang susubukan at matututunan.
- **Asahan ang madaming kalat!** Ang mga kuting ay natututo na kumain at ang proseso ay hindi malinis. Ang pagpapakain sa ibang lugar na lalagyan mo ng dyaryo sa ilalim ay magpapadali ng paglilinis mo.
- **Alalahanin na hanggang ang iyong mga kuting ay kumakain na ng maayos ng walang tulong ng kahit sino, sila ay kailangan mo pa ding padedehin ng gatas gamit ang bote.**

Tuwing Kailan at Ano ang Dapat Ipakain

Tuwing Kailan Dapat Magpakain:

- Ang mga kuting na dumedede sa bote ay dapat pakainin tuwing 2-3 oras, 3-4 oras naman kapag gabi.
- Ang mga kuting na kumakain ng gruel gamit ang syringe (mas nakakatandang mga kuting na nangangailangan ng tulong na kumain) ay kailangang pakainin tuwing 4-5 oras, 6-7 oras naman sa gabi.
- Ang mga kuting na kumakain ng gruel (mga kuting na kumakain ng mag-isa) ay dapat pakainin tuwing 5-6 oras, 7-8 oras naman sa gabi.

Pagtaas ng Antas ng Pagkain:

- 0-3 linggo: formula galling sa bote o oral syringe kung hindi sumusupsop.
- 4-5 linggo: ang pagpapalit ng pagkain papuntang gruel (halo ng formula/tubig at basing pagkain para sa mga kuting).

- 6-8 linggo: basang pagkain ng pusa ng may halong kibble para sa mga kuting.

Weaning/Pagtitigil ng Pagdede at Pagsasanay na Gamitin ang Litter Box

- Kapag sila na ay 4-5 linggong gulang, ipakilala na sa kanila ang “gruel”.
- Ang gruel ay isang halo ng basing pagkain ng kuting at KMR o tubig.
- Ihain sa patag na malukong.
- Mababaw dapat ang littler box.
- Gumamit ng ginutay-gutay na dyaryo o hindi nagbubuo-buong litter para sa mga pusa.
- Ang mga kuting ay makalat!
- Ang mga kuting ay matututong maglinis ng kanilang mga sarili.
- Asahan ang mga disgrasya!

Ang Paggawa ng Gruel

Ang mga kuting na handa nang lumipat ng pagkain ay magsisimula sa grul. Pareho ang panuntunanng na gagamitin sa gruel tulad ng formula: kailangan i-ref at 24 oras lamang ligtas na kainin ang gruel simula ng itinimpla ito. Laging siguraduhing gumamit ng magandang klase ng delata na ihinanda talaga para sa mga kuting,

- Gumawa ng formula tulad ng dati.
- Maghalo ng sapat na formula sa basang pagkain hanggang ito ay parang malabnaw na lugaw na.
- Maglagay ng isa o dalawang kutsara sa malukong sa bawat pagkakataon at ilagay ang mga kuting paikot dito.
- Maraming mga kuting ang susubok na kagatin ang gilid gilid ng malukong imbis na ilagay ang kanilang mga mukha sa malukong habang sila ay natututo kumain. Dahan-dahang gabayan ang mga kuting spapunta sa gruel sa loob ng malukong.
- Magdagdag ng paunti-unting gruel sa malukong habang nagpapakain. Mas mapapadali ng di hamak ang paglilinis!
- Kung ang iyong mga kuting ay hindi interesado sa gruel, subukan ito muli sa susunod na pagpapakain kapag sila ay gutom. Ito ay hindi magbabago sa bawat pagpapakain.
- Ang mga kuting ay karaniwang matatapos kumain sa loob ng 10 minuto. Itapon ang mga tira-tir.
- Ang mainit-init na gruel ay mas madaling magustuhan kaysa sa malamig kaya pwede mo iinit ang basang pagkain kung kinakailangan **bago** dagdagan ng formula.

- Kailangan ang pasensya! Matututunan ito ng iyong mga kuting sa lalong madaling panahon.

Pagpapaligo ng mga Kuting

Ang lahat ng mga kuting ay mangangailangan ng pagpapaligo habang finofoster mo siya. Buti na lang, pwede mon ang paliguan ang mga kuting mo pagkatapos na pagkatapos na malaglag ang kanilang pusod at sila ay mayroong mga kuto. Ang pinaka pangunahing dahilan sa pagpapaligo ay dahil ang mga gamut laban sa kuto ay hindi bagay sa mga kuting na napakabata. Kailangang 8 linggong gulang ang mga kuting bago gamitin ang karamihan ng mga produktong ito. Ang nag-iisang paraan upang mapatay ang mga kuto ng ligtas ay ang pagpapaligo sa mga kuting at ang paglulunod ng mga kuto sa shampoo. Ang mga kuting ay madaling paliguan at madali lang silang masanay dito lalo na kung gagawin itong positibong mga karanasan.

- Ihanda ang iyong mga suplay bago ka magsimula. Hindi mo gugustuhin na magtatakbo habang mayroon kang basang kuting para lang maghanap ng tuwalya.
- Subukang tapusin ang pagpapaligo sa loob ng 2 minuto, dahil ang mga kuting ay maaaring mataranta o lamigin habang nililiguan.
- Pwede mong punuin ang mababaw na malukong o planggana ng mailgamgam na tubig at shampoo para sa mas maliliit na mga kuting o gamitin ang lababo na may mga tasa ng maligamgam na tubig sa tabi nito para handing handa ka.
- Gamit ang mabulang sabon at tubig, gumawa ng mala singsing na pagitan sa may leeg ng kuting. Ito ay gagana bilang pagitan para hindi umakyat ang mga kuto sa ulo ng kuting.

- Simulan muna sa leeg pababa sa buong katawan ng kuting gamit ng maligamgam na tubig at sabong panghugas. Hindi mabibigyan ng pagkakataon ang mga kuto na umakyat sa ulo ng iyong kuting at tumalong papunta sa iyo kung ito ang gagawin.
- Hugasan ang buong katawan simula leeg hanggang sa baba, kasama ang gitna ng mga daliri, sa mga kili-kili at sa buntot.
- Punas-punasan ang ulo gamit ang tela o bulak ng maligamgam na tubig na may sabon. Iwasan ang mga mata, tenga, ilong at bibig.
- Banlawan ng buo ng malinis at maligamgam na tubig.
- Agad-agad na tuyuin ang kuting gamit ng tuwalya. Ligtas naman na gumamit ng blow dryer sa pagtuyo ng kuting basta't ito ay nasa pinakamababang setting, nasa 2 talampakan ang layo sa kuting at umiikot-ikot para hindi masyadong uminit. Tuyuin ang kuting ng buong buo.
- Ibalik ang kuting sa mainit-init na kapaligiran (tulad ng may heating disk or mainit-init na kumot na pang sanggol.) Ang mga kuting ay masaling lamigin dahil sa pagligo, at pinakamahalaga na mapanatiling mainit-init ang kuting.
- Kung ikaw ay gagamit ng suklay para sa kuto, ngayon ang tamang panahon na gamitin itopara mahatak ang mga kuto habang tinutuyo ang iyong kuting. Maaari kang mag-iwan ng isang tasa ng tubig na may patak o mahigit pa ng shampoo para malunod ang mga kuto.
- Huwag na huwag ilublob ang ulo ng kuting sa ilalim ng tubig!

Mga Gamit Panligo

Ang mga kuting ay maaaring gumamit ng ilan sa mga kaparehong produkto na gamit panligo sa mga sanggol na tao. Kahit aling walang amoy na baby shampoo ay gumagana para makpagpaalis ng mga kuto.

- Ang sabon na Castile ay magaling sa pagtulong sa pagpatay ng mga kuto. Maaaring mo din itong gamitin na pinaghalo sa tubig upang lumikha ng gawang bahay na baby wipes para magamit sa iyong mga kuting.
- May iba't ibang uri ng mga suklay na pang kuto na mabibili. Mas manipis ang mga ngipin, mas Mabuti!

- **Gumamit lamang ng Dawn na sabong panghugas kung ang iyong kuting ay mayroong grasa na galing sa sasakyan.** Kahit na ito ang banayad na produktong pang-alis ng grasa, matatanggal nito ang mga natural na langis ng balahibo ng iyong kuting kung laging gagamitin. Gumamit ng shampoo para sa sanggol sa regular na pagpapaligo.

Listahan ng mga Gamit

Eto ang iba sa mga gamit na kakailanganin mo kapag ikaw ay magfofoster ng mga kuting. Madami sa kanila ay maaaring bilhin sa mga murang pamilihan.

- A&D cream – mabisa sa mga namumula o namamantal na puwetan!
- Smoothie shaker/blender – para sa walang buo-buong formula
- Mga kumot na pang sanggol – mabilis kang magpapapalit-palit nito!
- Baby shampoo

- Baby wipes
- Pet/baby nail clippers
- Mababaw na malukong na may suporta sa gilid-gilid
- Mga laruan/plush animals
- Electrolyte solution (walang lasa)
- Suklay nap ag kuto
- Makulubot na bandeha/corrugated trays – perpektong maging litter pans. Maaari kang makakuha nito ng libre sa mga palengke kung ikaw ay hihingi ng maayos.
- Dyaryo – mahusay na pang-ilalim ng mga litter pan at ng mga crate.
- Baby food na nasa botelya – purong turkey/pabo, chicken/manok at beef/karne ng baka lamang!

Mga Bisitang Pang Checkup at Emergency

Hinihiling naming na iyong ibigay ang unang oras (8 hanggang 9 ng umaga) at ang huling oras (4 hanggang 5 ng hapon) ng iyong araw sa aming mga kawani na medikal. Eto ang mga oras na mayroon kaming pinakamaraming ginagawa para sa kanila habang nagsisimula at nagtatapos ang araw na nakalaan para sa mga shelter na may mga pag-aampon at pagtutubos.

- Ang mga karaniwang checkup ay gaganapin tuwing dalawang lingo maliban kung iba ang ibibilin ng pangkat ng medikal.
- **Pakiusap po na siguraduhin mo na dala mo ang iyong mga kennel cards sa bawat pagbisita.** Mapapakita nito ang iyong oras ng pagdating na kakailanganin namin kung kami ay maghahanap ng mga numerong A sa aming sistema sa kompyuter na makakapagpabilis sa iyong proseso.
- Pakiusap na maaari naming hilingin na iskedyul mo ang iyong pagbisita kapag masyadong madami ang nakapila. Humihingi kami ng paumanhin para dito!
- Pakitandaan na kung ang iyong mga kuting ay may malubhang sakit, ang pangkat ng medikal ay gagawa ng huling desisyon na gumamit ng euthanasia. Sa kasamaang palad, hindi po pinapayagan ang mga foster na naroon.
- **Kung ang iyong foster ay masama ang pakiramdam sa kahit anong oras, hinihiling po naming na ibalik mo siya sa shelter. Kung sa labas na nang oras ng klinika at wala na po kaming kawani ng medikal, sila ay dadalhin sa isang ospital na kakontrata ng shelter. Sa kasamaang palad, hindi naming maaaring sabihin sa mga foster ang impormayon na iyon.**
- **Ang Los Angeles Animal Services ay hindi makakapag sauli ng nagasta ng kahit na sinong foster parent/magulang sa kahit anong serbisyo na hindi maibibigay ng shelter.**

- **Sa pagkakataon na ang isang kuting na foster ay namatay, hinihiling naming na iyong ibalik ang kanyang katawan sa shelter.**

Karaniwang Mga Isyu na Medikal ng Mga Kuting na Finofoster

Habang ang bawat shelter ay gagawin ang kanilang pinakamahusay upang kayo ay makauwi sa bahay kasama ang iyong masasaya at malulusog na mga kuting, ang ibang mga karamdaman ay maaaring hindi lumabas bago mo sila makuha hanggang sa ilang araw matapos mo silang makuha. Ang lahat ng mga kuting ay susuriin ng pangkat na medical para sila ay tanggapin, mabakunahan, mapurga at mabigyan ng gamot laban sa mga kuto kung sila ay nasa tamang edad na. Eto ang mga listahan ng mga pinaka karanirawang mga sakit na nakikita sa mga kuting at kung paano naming sila ginagamot sa shelter.

Laging alalahanin na ilayo ang iyong mga foster sa iyong mga alagang hayop hanggang ang oras ng kwarantina ay lumipas na!

<u>URI – Upper Respiratory Infections:</u>

Ang upper respiratory infections ay lumalabas sa karamihan ng mga kuting na nasagip sa mga shelter at sa kalye dahil sa kanilang mababang resistensya at mataas na panganib sa pagkakalantad sa bacteria at virus. Habang ang common cold o sipon ay maaaring hindi malaking bagay sa isang tao, itong mga sintomas na ito ay pwedeng mapanganib sa isang maliit na kuting, at dapat harapin agad-agad. Ang mga karaniwang senyales ay:

- Paglabas ng uhog mula sa ilong at/o maluha-luhang mga mata
- Pamumuo ng muta sa mga mata na minsan ay nagiging selyadong nakapikit na lamang
- Madalas na pagbahing o iba pang tunog sa galling sa panghinga
- Kawalan ng ganang kumain – kung ang mga kuting ay hindi makaamoy hindi din sila kakain

Kasama sa Paggamot ang Antibiotics at Suporta na Pag-aalaga

Panatilihin na ang mga mata at ilong ay walang bara o pamumuo sa pamamagitan ng pagdadampi ng mainit-init na tela o bulak para ito ay lumambot at madaling maalis.

Maaaring kailangan mong tulungan ang iyong mga kuting sa pagkain kung siya ay hindi kumakain ng Mabuti. Pwede mong painitan ang basang pagkain o magpakain ng baby food na gawa sa karne lamang para suhulan silang kumain. Ang paggamit ng tongue depressor, popsicle stick o syringe para mapakain sila ay nakakatulong din.

Mga Isyu ng sa Digestive/Tiyan

Mga Parasito

Lahat ng mga kuting ay dapat nagsisimulang purgahin kapag sila ay mga 2 linggong gulang kung kelan sila ay may bigat na mga 1 libra at nadadagdagan habang sila ay tumatanda. Isang pangkalahatang pampurga para sa karamihan ng mga karaniwang parasite ang ibinibigay sa bawat karaniwang checkup ng mga foster na galling sa amin. Depende sa kung ano ang sintomas o senyales na ipinapakita ng iyong mga kuting. Pwede din kami magbigay ng ibang uri ng pampurga.

Alalahanin na kung ang iyong kuting ay kakatanggap pa lamang ng gamot na pampurga, maaari kang makakita ng mga parasite sa kanyang puwetan. Ang ibig sabihin nito ay gumagana ang pampurga.

Huwag gumamit ng OTC (over-the-counter) na pampurga sa mga foster!

Kung pinagsinususpetsahan mo na sila ay may mga parasite pakiusap na dalhin mo ang mga kuting para makapagpa checkup!

Ang Mga Karaniwang Senyales ay:

- **Protozoal Parasites**: Diarrhea o pagtatae, na karaniwang mala-uhog at mabaho.
- **Hook worms**: Pagiging hindi mapakali, hindi pagbigat ng timbang, malaking tiyan, anemia (pagiging maputla ng galagid, magaspang na balahibo, diarrhea/pagtatae, at dugo sa kanyang dumi
- **Round worms**: Sunod-sunod na diarrhea/pagtatae, malaking tiyan, hindi pagbigat ng timbang kahit na matakaw, maaaring mayroong puti at parang pansit ang itsura na mga uod sa dumi niya.
- **Tape worms**: Maaaring wala kang Makita na sintomas, o maaaring may makita kang mga uod na parang mga bigas sa dumi niya.

Constipation/Paninigas ng mga Dumi

Normal para sa ibang mga kuting ang hindi dumumi ng isa o ilang araw, dahil ang kanilang mga katawan ay umaakma pa sa mga pagpapalit ng pagkain lalo na na nagsimula sila ng KMR sa shelter. Ngunit, kung lumipas ang dalawang araw na ang kuting ay hindi dumudumi, kakailanganin mon ang gumawa ng aksyon. Hanggang ang iyong mga kuting ay malulusog, kumakain ng maayos at umaarte ng normal, ang aming pangkat na medikal na:

- Gumawa ng formula gaya ng dati. Tapos dagdagan ang bagong timpla ng 25% higit pang tubig at ipadede ang mas malabnaw ng formula sa kuting. Makakatulong ito na madagdagan ang likido sa mga bituka na makakatulong sa constipation/paninigas ng dumi.
- Subukang himas-himasin ang bandang puwetan **bago** at **pagkatapos** ng pagpapakain.
- Kung papaya ang kuting mo, pwede mo din masahihin ng maliit na paikot-ikot ang kanyang tiyan para makatulong sa kanyang mga bituka.
- Kung pagkatapos ng 3 araw ay hindi pa din siya dumudumi, dalhin mo ang iyong kuting para magpacheckup. Maaari naming hilingin na iwanan mo ang iyong kuting sa amin para mabigyan naming siya ng labatiba.

Diarrhea/Pagtatae

Ito ang pinakakaraniwang isyu na medikal na makikita sa mga kuting na finofoster pangalawa lamang sa paggagamot sa URI's.

Ang diarrhea/pagtatae ay maaaring magkaroon ng maraming kadahilanan pagdating sa mga kuting. Ang diarrhea ay mukhang hindi emergency, ngunit maaari itong maging sintomas ng mas seryosong karamdaman, at ang mga epekto nito ay maaaring mabilisang humantong sa hindi magandang sitwasyon o pagkakamatay sa mga batang batang kuting kung hindi magagamot.

- **Laging dalhin ang mga kuting sa mga checkup kung ang laging may diarrhea at walang pagbabago sa diyeta o karaniwang gawain. Ang mabilisang paggalaw ay maaaring makapagbigay ng mabilisang lunas at makasagip ng kanilang buhay.**

Mga Parasito

Ang mga parasite sa loob ng katawan tulad ng roundworm at hookworm ay karaniwan, at madalas na nagagamot ng kilalang pampurga. Ang mga protozoan parasites tulad ng giardia at coccidia ay maaaring karaniwan sa mga kuting at magdudulot ng mabahong diarrhea.

Mga Isyu sa Pagkain

Kung ikaw ay nababahala sa dumi ng iyong kuting, siguraduhin na ito ay hindi isyu sa pagkain na kanyang kinakain.

- Ang mg akuting ay maaaring magkaroon ng diarrhea kapag mayroong pagbabago sa dyeta, kaya kung sinimulan mo ang iyong kuting ng bagong formula, o inililipat mon a sila sa gruel, ayan siguro ang isyu.
- Ang masyadong maagang pag wean o pagpapalit ng pagkain papunta sa basing pagkain ay maaaring magdulot ng diarrhea, kasi ang katawan ay maaaaring hindi pa handa ang kanyang katawan na sumipsip ng bagong mga protina at kumplikadong pagkaing nakakapagpalusog na nakikita sa mga karne.
- Kung kakasimula mo pa lang na i-wean ang iyong mga kuting at na[ansin mo na meron sa kanila ang may diarrhea ng mahigit sa 2 pagdudumi, ibalik mom una ulit sila sa huling dating pagkain para mapuna kung ang kanyang katawan ay nangangailangan lang ng mas maraming oras para masanay.
- **Ang mga kuting ay maaari ding magkaroon ng diarrhea galling sa panis n agatas. Padedehin ang iyong mga kuting at ilagay ang formula na hindi nagamit diretso sa ref. Kahit anong formula na hindi nailagay sa ref ay maaaring mabilisang mapanis at magdulot ng sakit ng tiyan! <u>KUNG NAGDUDUDA ITAPON NA!</u>**

Suporta na Pag-aalaga sa mga Kuting na Mayroong Diarrhea

Ang paggamot ng sanhi ng diarrhea/pagtatae ay mahalaga sa pagtigil nito. Ngunit kahit anu pa ang sanhi, kakailanganin mo pa ding gamutin ang pinakamapanganib na sintomas ng diarrhea: dehydration/kawalan ng tubig sa katawan.

- **Ang dehydration ay nangyayari nang mabilis sa mga kuting na mayroong diarrhea, kaya ang paggamot nito ay napakahalaga!**
- **Kaysa sa ipaghalo ang formula sa tubig, maaari kang lumipat sa walang lasang Pedialyte.**

Ang Pedialyte ay mayroong pinakamabuting balance ng glucose at electrolytes na makakatulong sa pagbabalik ng hydration ng mga kuting at makakapagpanatili ang tamang paggana ng mga kalamnan at organo. Siguraduhin na gumamit ng walang lasang produkto at panatilihin itong sariwa ayon sa mga tagubilin ng tatak.

Pinagbabatayan ng mga Isyung Medikal

Habang ang mga parasite at impeksyon na galling sa bacteria ay madalas na pinakakaraniwang sanhi ng diarrhea sa mga neonatal (bagong panganak) na mga kuting, madaming pwedeng batayan ng mg isyung medikal ang magdudulot ng diarrhea, kasama na ang inflammatory/pagmamaga/ o infectious/nakakahawa na mga karamdaman, immune/panlaban sa sakit na mga karamdaman, mga virus, lymphoma, FIP o iba pang mga kundisyon. Kung ang diarrhea ay sinasabayan ng iba pang mga sintomas tulad ng pagsusuka, dugo sa dumi, o mataas na lagnat, pakiusap na dalhin ang kuting sa klinika agad-agad!

Kung ang kuting ay nagpapakita ng kahit anong malubha at paulit-ulit na sintomas, napakahalaga na dalhin sa amin agad-agad ang mga kuting!

<u>Panleukopenia</u>

Ang Feline Panleukopenia ay isang napaka nakakahawang sakit na galling sa feline parvovirus. Ang mga kuting ay ang pinaka naapektuhan ng virus na ito. Ang virus na ito ay hindi nakakaapekto sa mga tao.

Ang feline parvovirus ay nakakahawa at nakakamatayng mga cell na mabilis na lumalaki at nahahati, tulad ng mga cell sa bone marrow/utak ng buto, mga bituka at ang nabubuong fetus.

Aling mga pusa ang madaling kapitan ng Panleukopenia?

Dahil ang virus ay nasa kung saan-saan sa kapaligiran, halos lahat ng mga kuting at mga pusa ay nakalantad sa virus sa ilang mga punto ng kanilang buhay. Habang ang kahit anong edad ng mga pusa ay maaaring makakuha ng feline parvovirus na pinanggagalingan nito, ang mga murang kuting, pusang may sakit, at mga hindi nabakunahang pusa ay ang pinaka madaling kapitan. Pinaka karaniwan itong Makita sa mga pusa ng 3-5 buwang gulang: ang kamatayan sa Panleukopenia ay napaka karaniwan sa ganitong edad.

Ang virus ay nagpakita na sa lahat ng lugar sa United States at sa halos lahat ng mga bansa sa mundo. Ang mga kennel, pet shop, animal shelter, hindi nabakunahang mabangis na kolonya ng mga pusa, at ang iba pang mga lugar kung saan ang mga grupo ng mga pusa ay naninirahan na magkakasama ay ang pinaka pangunahing imbakan ng Feline Parvovirus. **Ang mga pusa na nakatira sa urbanidad ay malamang na makakakita ng mga outbreak ng Paleukopenia kapag tag-init dahil ang mga pusa ay mas malamang na akipag-ugnayan sa iba pang mga pusa.**

Paano ginagamot ang Panleukopenia?

Ang posibilidad ng paggaling mula sa Panleukopenia ng mga kuting na mas bata sa 8 linggong gulang na nahawahan nito ay mababa. Ang mga mas nakakatandang pusa ay mayroong mas mataas na pagkakataong mabuhay kung mabibigyan siya ng sapat na gamot nang maaga. Dahil walang gamot na may kakayahang patayin ang virus, ang masinsinang pangangalaga at paggamot ay kritikal upang suportahan ang kalusugan ng pusa gamit ang mga gamot at likido hanggang ang sarili niyang katawan at immune system ay magkaroon na ng kakayahan na labanan ang virus. Kung wala ang pangangalagang pang suporta, hanggang 90% ng mga pus ana may FP ang maaaring mamatay.

Ang mga panggagamot ay nakatuon sap ag-aayos ng dehydration, pagbibigay ng mga pampalusog, at pag-iwas sa pangalawang impeksyon. Kahit na ang antibiotics ay hindi pumapatay ng virus, ang mga ito ay madalas na kinakailangan dahil ang mga pus ana may impeksyon ay mayroong mas mataas na panganib na magkaroon din ng bacterial infection dahil ang kanilang immune system ay hindi ganap na gumagana (dahil sa bumabang white blood cells) at dahil ang bacteria galling sa napinsalang bituka ay maaaring pumasok sa blood stream ng pusa at magdulot ng impeksyon.

Kung ang pusa ay tumagal ng limang araw, ang mga pagkakataon para gumaling ay higit na tataas. Ang mahigpit na paghihiwalay mula sa iba pang mga pusa ay kinakailangan upang maiwasan ang pagkalat ng virus. Ang ibang mga pusa na nakisalamuha sa isang pus ana may impeksyon, o dumikit/nakahawak sa mga gamit o mga tao na malapit na nakipag-ugnayan sa pusang may sakit, ay dapat maingat na masubaybayan para sa anumang nakikitang mga palatandaan ng sakit. Sa karamihan ng mga kaso, kapag ang pusa ay gumaling sa FP, ito ay hindi na makakahawa sa ibang mga pusa sa direktang

pakikisalamuha, ngunit ang ibang gumaling na na mga pusa ay maaaring mai-ihi o maidumi ang virus hanggang 6 na lingo.

Zoonotic Diseases/Mga Sakit na Zoonotic

Ang Zoonotic Diseases (kinikilala din bilang zoonoses) ay galling ng mga impeksyon na kumakalat sa pagitan ng mga hayop at tao. Ito ang mga pinaka karaniwan na nakikita sa mga shelter.

Ringworm

Ang ringworm ay isa sa mga pinaka madalas na nagaganap na mga sakit sa balat na nakakaapekto sa populasyon ng mga pusa sa buong mundo. Kahit na ito ang pangalan niya, ito ay isang fungal infection na walang kinalaman sa mga uod. At ang nag-iisang kinalaman nito sa mga singsing ay ang pabilog na lugar na makating pantal sa karaniwang – ngunit hindi kinakailangan – na nakikita sa balat ng hayop na may impeksyon.

Kasama itong mga ito sa mga pinaka maliwanag at pinaka karaniwang klinikal na palatandaan ng feline ringworm:

- Pabilog na lugar kung saan may kawalan ng balahibo,
- Putol at nakakatusok na balahibo, matigas o malutong na balat,
- Pagkakaiba sa balahibo o kulay ng balat, namamagang mga lugar sa balat, sobra-sobrang paglilinis ng sarili at pagkakamot,
- Mga kuko o kama ng mga kuko na may impeksyon, at balakubak. Kapag hinipo mo ang balat ng pusa, kapareho ito ng pakiramdam sa ibang mga fungal infection, tulad ng athlete’s foot.

Ang paggamot dito ay gagamit ng mga oral/iniinom sa bibig o topical/pinapahid sa balat na mga gamot at ang paghihiwalay sa pusa hanggang ang fungal test niya ay bumalik sa negative. Maaaring mgaing matagal ang paggaling ng pusa dahil minsan hindi gumagana ang gamot sa mga fungal infection.

Scabies

Ang sarcoptic mange (scabies) ay dinudulot ng isang mite infestation. Ang mga napakaliliit na mga parasite ay nagsusumiksik sa ilalim ng balat ng mga kuting o naninirahan sa kanilang hair follicle o sa oil gland/glandula ng langis ng balat. Ang mange ay maaaring nasa maliit na lugar lamang o sa buong katawan. Ang pinaka karaniwang palatandaan ay ang sobra-sobrang pagkamot.

Mga Palatandaan at Sintomas ng Mange

Kung ang iyong alagang hayop ay may mange, mapapansin mo itong mga maagang palatandaan at sintomas:

- **Pagkawala ng Balahibo** – Ang pagkawala ng balahibo ay maaaring laganap o pakonti-konti. Ang pinaka karaniwang mga lugar ay ang ulo, tenga, leeg, siko, tiyan, dibdib at mga binti.
- **Pagkakamot** – Ang mange ay nagdudulot ng sobrang kati, kaya't halos laging magkakamot. Ang pagkamot ay maaaring makapagpalubha ng kawalan ng balahibo at maaaringmakasugat, na nakakapagpataas ng panganib ng impeksyon.
- **Iritasyon sa Balat** – Maaari mong mapansin ang mapula, mag ana balat.

Ito ay ang mga kasama sa mas malalalang sintomas:

- **Impeksyon** – ang mga impeksyon na galling sa bacteria at fungi ng mga balat ay pangalawa lamang sa problema sa mga mite.
- **Madulas na Balat at Balahibo** – ang madulas na balat at numinipis na balahibo na mayroong kakaibang amoy.
- **Sugat** – kung ang mga mite ay nagsusumiksik sa ilalim ng balat, maaaring mabuo ang mga malulutong na langib.
- **Balakubak** – ito ay nangyayari kapag ang maliliit at maninipis na piraso ng balat ay nagsisimulang manuklap.
- **Bukol** – ang mga maliliit na bukol ay maaari din maging palatandaan ng mange.
- **Makapal na Balat** – kung hindi magagamot ng mabilis, ang balat ng apektadong lugar ay mangangapal.
- **Panget na Tulog** – ang pangangati ay madalas na lumalala sa gabi at maaaring makaapekto sa pagtulog ng iyong alaga.

Ang paggamot dito ay gagamit ng oral/topical na mga gamot at paghihiwalay sa pusa hanggang siya ay magaling na.

PAANO LINISIN/MAGDISIMPEKTA

Kung sakaling magkasakit ang iyong mga foster o mayroon sila ay mayroong sakit na nakakahawa, ito ang mga hakbang na maaari mong gawin upang malinisan ang iyong mga gamit na pang foster at masigurado na ang lahat ay nadisimpektahan. Ang

paghahalo ng bleach at tubig ng 1:10 na pagbabanto ay isa sa mga pinakasiguradong paraan para malinisan ang mga gamit mon a pang foster.

- **MAGSUOT NG GLOVES!**
- Ilagay ang mga kuting sa loob ng crate o lugar na madaling linisin. Ang pagkakaroon ng pangalawang crate o kahit na ang walang laman na shower area o bathtub ay ayos lang.
- Itapon ang mga disposable na gamit.
- Ilagay ang mga gamit na maaaring i-bleach, tulad ng higaan, sa loob ng garbage bag o kaban para maibabad sa 1:10 solusyon ng bleach sa loob ng 10 minuto, pagkatapos ay labhan at patuyuin ito sa pinakamainit na setting.
- Ang bawat ibabaw ay dapat malinis at walang mga basura upang maging epektibo ang pagdidisimpekta.
- Lampasuhin ang matitigas na lugar ng 1:10 na bleach, at ibabad ito ng 10 minuto para patyin ang virus. Subukan muna ang gagamiting panlinis sa iyong sahig para masigurado na hindi mo ito masisira.
- Itapon ang mga basura at disimpektahan ang mga litter box (kung hindi gumagamit ng mga disposable na box) kapag ikaw ay maglalampaso ng iyong sahig.
- Disimpektahan ang mga kamang plastik, mga malulukong na kainan at ang mga platik na laruan.
- Pagkatapos ang 10 minuto, banlawan ang iyong sahig at tuyuin ito para ang iyong mga kuting ay hindi nakalantad sa mga kemikal na madidilaan nila.
- Hugasan ang mga lalagyan ng pagkain at tubig ng mainit na tubig at sabong panghugas. Gumamit ng ibang espongha para sa iyong mga foster.
- Bigyan sila ng malinis na higaan, lalagyan ng pagkain at tubig , litter box/litter, laruan, bagong mga kahon na mapaglalaruan, atbp.
- Ilabas ang mga basura.
- Labhan ang lahat ng labahin sa pinakamainit na pinahihintulutang setting.